



MAR 26 2009

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN  
Blg. 131, s. 2009

**IKALAWANG PAMBANSANG KUMPERENSIYA SA PANITIKANG PAMBATA**

Sa mga: Direktor ng Kawanihan  
Direktor ng Rehiyon  
Tagapamanihala ng mga Paaralan


1. Ang Pilandokan (National Research Society for Children's Literature) sa pakikipagtulungan ng National Commission for Culture and the Arts (NCCA) ay nag-aanyaya sa mga guro, mananaliksik, manunulat, mag-aaral at iskolar na lumahok sa Ikalawang Pambansang Kumperensiya sa Panitikang Pambata na nakatakdang isagawa sa Hulyo 16-17, 2009 sa Pulungang Claro M. Recto, Bulwagang Rizal, Kolehiyo ng Arte at Literatura, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, Lungsod Quezon.
2. Layunin ng kumperensiya ang kritikal na pagtalakay sa mga isyu ng bata at panitikang pambata na magsusulong ng higit na progresibong kaisipan sa mga estudyante at bata sa ating lipunan. Praktikal nitong matutulungan ang mga guro sa mga lapit at estratehiya ng pagtuturo sa mga bata. Ang mga sumusunod ay ang mga paksang tatalakayin ukol sa temang Panitikang Pambata sa Edukasyon:
  - a. Kultura ng Pagkabata at Kabataang Filipino;
  - b. Ang Batang Filipino sa Panitikan, Panitikang Pambata at Panitikang Likha ng Bata;
  - c. Ang Batang Filipino at ang mga Panlipunang Usapin;
  - d. Ang Batang Filipino sa Industriya ng Kultura; at
  - e. Ang Kalagayan ng Panitikang Pambata sa Pilipinas.
3. Ang mga guro, punongguro, koordineytor, pansangay at panrehiyong superbisor ng Panitikan ang dapat dumalo sa kumperensiyang ito. Maaari ring dumalo ang kaguruan mula sa ibang departamento o disiplina.
4. Ipadala ang inyong reserbasyon bago ang Abril 3, 2009 kay:

Dr. Eugene Y. Evasco  
Direktor  
Rm. 2087, Ikalawang Palapag  
Bulwagang Rizal (Faculty Center)  
UP Diliman, Lungsod Quezon

5. Magbabayad ang dadalo ng Dalawang Libo at Limang Daang Piso (P2,500.00) sa rehistrasyon para sa kit, sertipiko at pagkain.

6. Para sa iba pang impormasyon, makipag-ugnay o tumawag kay Bb. Pauline Hernando sa cellphone blg.: 0906-5839390, Prop. Mary Jane Rodriguez-Tatel, cellphone blg.: 0927-3937177; Prof. Will P. Ortiz, cellphone blg.: 0919-5912766; Dr. Eugene Evasco, cellphone blg.: 0917-8300330.

7. Hinihiling ang maagap at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito sa mga kinauukulan.

  
**RAMON C. BACANI**  
Pangalawang Kalihim

Sanggunian: Wala

Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)

Iilagay sa Palagiang Talatuntunan

sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CONFERENCES  
CONVENTIONS  
Learning Area, FILIPINO  
SEMINARS  
SOCIETY or ASSOCIATIONS  
TEACHERS

Sally: ikalawang pambansang panitikang pambata  
March 18, 2009